
**Banghay – Aralin sa Filipino I**

**May-Akda** **Ailene A. Tugade**
**Designation** **Teacher II**
**Paaralan** **CENTEX Batangas**




**I. Layunin**

1. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento
2. Nakikibahagi sa talakayan tungkol sa tema ng kuwentong napakinggan
3. Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pangungusap

**II. Paksang Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Si Putot"
2. ***May-akda:*** Mike Bigornia
3. ***May-guhit:*** Charles Funk
4. ***Pagpapahalaga:*** Hindi dapat ikahiya ang kapintasan o kapansanan
5. ***Paksa sa Balirala:*** Pangngalan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**
   Pagpapakita ng larawan ng mga taong may kapansanan.
   *T: Ano ang mapapansin ninyo sa mga taong nasa larawan?*
   *Ano kaya ang nararamdaman nila sa pagkakaroon ng kapansanan?*

2. **Paghahawan ng Balakid**
   Itanong ang ideya ng mga mag-aaral ukol sa mga salita sa ibaba. Maaaring iguhit, iakto, o magpakita ng larawan para masabi ang kahuhugan.
   **a.** mahaba
   **b.** pangarap
   **c.** ikinahihiya
   **d.** himutok
   **e.** pluma
   **f.** buntot
   **g.** malas

3. **Pagbasa ng Kuwento**
   Babasahin ng guro ang kuwento sa pamamaraang Interactive Read Aloud

4. **Pagkatapos Bumasa**
   **a. Talakayan (Discussion Guide)**
   - Ano ba ang kapansanan? Paano natin itinuturing ang mga taong may kapansanan?
   - Makikita lang ba ang kapansanan sa panlabas na kaanyuan?
   - Tama bang maghimutok si Putot dahil may kapansanan siya?
   - Ang pagkakaroon ba ng kapintasan ay pinagmumulan ng inggit? Bakit?
   - Maaari bang maging masaya kahit may kapansanan?
   - Sagabal ba ang kapansanan sa pag-abot ng mga pangarap?
   - Malas bang maituturing ang pagkakaroon ng kapansanan?
   - Ano ang natuklasan ni Putot sa kuwento?
   - Ano ang iyong mararamdaman sakaling magkaroon ka ng kapansanan?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

- Dapat bang ikahiya ang pagkakaroon ng kapansanan?

**b. Balirala**

Ipabasa ang mga sumusunod na salita:

- Putot
- posporo
- loro
- pluma
- pusa
- amo
- baboy
- kabayo
- baka
- kalabaw
- langaw
- matsing
- bulate

*T: Ano ang tawag natin sa mga sumusunod na salita?*
*Ang Pangngalan ay salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook, at mga pangyayari.*

**c. Pangkatang-Gawain**

**Pangkat 1 (Art Center):** Iguhit ang 3 mahahalagang pangyayari sa kuwentong "Si Putot".
**Pangkat 2 (Writing Center):** Kung bibigyan kayo ng pagkakataon baguhin ang katapusan ng kwento, ano ito at bakit? Isulat ito sa iyong sagutang-papel.
**Pangkat 3 (Filipino Center):** Gamitin sa pangungusap ang mga pangngalang binigay ng guro. Bilangin ang mga pangngalang ginamit sa pangungusap. Isulat ito pagkatapos ng pangungusap.
**Pangkat 4 (Drama Center):** Bakit hindi dapat ikahiya ang kapintasan? Gumawa ng isang maikling dula.

## IV. Paglalapat

Sumulat ng isang maikling kuwento tungkol sa inyong alagang hayop. Lagyan ito ng pamagat at may-akda. Ang kuwentong gagawin ay dapat ginagamitan ng pangngalan. Salungguhitan ang mga pangngalang ginamit.

## V. Pagpapahalaga

Kung kayo ay may kaibigang may kapansanan, paano ninyo siya ituturing?

## VI. Takdang-Aralin:

Sumulat ng talata sa inyong journal tungkol sa natutunan sa araw na ito. Maaaring iguhit ang inyong natutunan.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation